

KA-PARTNER SA PAG-UNLAD

Pakinggan ang Boses ng mga Pamilyang Namumuhay sa Matinding Kahirapan



ATD Fourth World Philippines

Participatory Action-Research 2011-2013

Patungo sa Mas Malalim na Pag-unawa sa Usapin ng Pabahay at Edukasyon

Isang Kontribusyon sa post-2015 Sustainable Development Agenda

KA-PARTNER SA PAG-UNLAD

**Pakinggan ang boses ng mga pamilyang
namumuhay sa matinding kahirapan**



ATD Fourth World Philippines
Participatory Action-Research 2011-2013
Patungo sa Mas Malalim na Pag-unawa sa Usapin ng Pabahay at Edukasyon

Isang Kontribusyon sa post-2015 Sustainable Development Agenda

Copyright © 2015 ATD Fourth World Philippines

Supported by UNICEF

Ang mga resulta, interpretasyon at konklusyon na nasa librong ito ay mula sa mga may akda lamang at hindi sa UNICEF o iba pang institusyon na may kinalaman sa pananaliksik na inilathala sa librong ito.

Maaaring ipadala ang mga katanungan sa:

ATD Fourth World Philippines

1225 Labores Street

1011 Pandacan

Manila, Philippines

(02) 563.93.12

philippines@atd-fourthworld.org

facebook: ATD.Philippines

Ang International Movement ATD Fourth World ay isang internasyonal na *non-governmental organization*, na hindi kasapi ng anumang grupong pang-relihiyon o pampulitika at nakikipagtulungan sa mga indibidwal at institusyon para sa paglipol ng matinding kahirapan. Sa pakikipagtulungan sa mga taong nahaharap sa patuloy na kahirapan, ang pamamaraan ng ATD na base sa karapatang pantao ay nakatuon sa pagsuporta sa mga pamilya at indibidwal sa pamamagitan ng presensiya at pagdamay sa mga mahihirap na komunidad.

NILALAMAN

PAUNANG SALITA.....	II
PASASALAMAT	IV
BUOD.....	2
KAHALAGAHAN NG PANANALIKSIK.....	5
ANO ANG AMING SINUNDANG PAMAMARAAN?	7
ANG MGA MANANALIKSIK	9
MAYROON KAMING MGA PRIORIDAD AT MGA ESTRATEHIYA SA BUHAY.....	11
NARANASAN NAMIN ANG PALPAK NA RELOKASYON	15
'NEAR-SITE' O 'ON-SITE' NA RELOKASYON.....	17
MGA KA-PARTNER SA RELOKASYON	21
ANG KAWALANG-KATIYAKAN NG BUHAY AY NAGBABANTA SA KARAPATANG MAKATAPOS NG PAG-AARAL.....	25
NAIS NAMING MAKAPAG-ARAL ANG MGA BATA	27
TUNGO SA PAGKAKAISA.....	31
TUNAY NA LIBRENG EDUKASYON	33
NAIS PA RIN NAMING MATUTO.....	37
MGA HAKBANG TUNGO SA MAAASAHANG SUPORTA	39
WORKSHOP KASAMA ANG UNICEF.....	41

PAUNANG SALITA

Sa dokumentong ito, iniimbitahan kayo na basahin ang isang pag-aaral na isinagawa sa Pilipinas sa konteksto na kung saan ang pag-unlad ng kalagayan ng mga pinakamahirap ay pananagutan ng iba't ibang sector ng lipunan kasama na ang mga opisyal ng gobyerno, mga internasyonal na institusyon, mga serbisyo, mga simbahan, at mga samahang pantao. Sa panahong ito na maraming pamilya na naninirahan sa *informal settlements* sa Metro Manila ay nire-relocate o pinapalipat ng tirahan dahil sa mga isyung pang-kaligtasan at pang-kapaligiran, nasabi na ang mga stratehiyang pang-relokasyon ng mga ahensya ng gobyerno ay dapat, bilang pangunahing prioridad, pumigil sa pagkatanggal sa mga pamilya mula sa kanilang mga pinagkukunan ng kabuhayan at paaralan at magtatag ng mga pangmatagalang programang pangkabuhayan sa mga lugar ng relokasyon. Ipinapatupad ang mga pangkalahatang pamamaraan na nagsisikap na matugunan ang mga problemang pangkalusugan, pang-edukasyon at pagkakakitaan ng mga maralitang tao tulad ng *Philippine Conditional Cash Transfer program*, o "4Ps". Gayundin naman, ang mga may kaugnayan sa edukasyon ay nagbibigay na ng mas malalawak na daan sa pag-aaral para makapasok o muling makapasok sa magkakaibang edad at antas ng pag-aaral, tulad ng *Alternative Learning System*.

Sa pandaigdigang antas, nagbibigay pag-asa rin ang balita noong Hunyo 2013 ng United Nations' High-Level Panel tungkol sa usapin sa pag-unlad pagkaraan ng 2015 na pinamagatang: "*A new global partnership: Eradicate poverty and transform economies through sustainable development*" ("Isang bagong pandaigdigang pagsasama-sama: Paglipol sa kahirapan at pagbago ng mga ekonomiya sa pamamagitan ng patuloy na pag-unlad"). Pinahahalagahan ng balita ito ng UN ang ilang kapansin-pansing mga pagtatagumpay na may kaugnayan sa MDGs (*Millenium Development Goals*). Pero inaamin rin sa balita na ang mga layuning ito ay hindi naging sapat sa paghahangad na maabot ang mga taong nakararanas ng pinakamatinding kahirapan, iyong mga taong pinaka-naiisantabi. Iniaalok ng balita ang pananaw ng isang bagong uri ng pag-unlad, na nakasentro sa tao at may pakialam sa mundo, batay sa limang '*transformative shifts*' o 'pagbabago ng pananaw pamamaraan', na kung saan ang bawat at lahat ng bansa, institusyon at tao ay kabahagi sa responsibilidad.

Ang una ay nagri-rekomenda na "Walang iiwanan" ("*Leave no one behind*"), sa pamamagitan ng patuloy na pagtratrabaho tungo sa pagwakas sa matinding kahirapan at diskriminasyon para matamasa ng lahat ang kanilang mga karapatang pantao. Ang ikalimang '*transformative shift*' na pinamagataang "*Forge a new global*

partnership" (Bumuo ng isang bagong pandaigdigang pagsasama) ay naglalayon sa pagpapasigla ng diwa ng pagkakaisa, ng pagtutulungan at ng magkakaugnay na responsibilidad sa pagitan ng mga gobyerno, mga taong nabubuhay sa kahirapan o mga nababale-walang sektor, mga institusyon ng iba't ibang partido, mga kumpanya at akademya.

Ang pag-aaral na ito ng ATD Fourth World ay naglayon na maging kontribusyon sa pandaigdigang pagsisikap tungo sa mga programa ng pag-unlad na walang iniwan at naglalayon na hikayatin ang lahat ng tao na ibahagi ng kanilang mga karanasan para mapabuti ang mga programang ito. Ang pagsasaliksik na ito ay naging possible dahil sa pangmatagalang pangako ng mga miyembro ng ATD Fourth World sa mga komunidad ng Metro Manila sa loob ng higit 20 taon. Kailangan ng panahon para buuin ang mga angkop na kalagayan upang maabot ang mga pinaka-nahihwalay na mga tao sa loob ng mga komunidad, pagbubuo ng tiwala at pagkilos batay sa mabisa nilang pakikilahok.

Ang mga resultang inilathala sa dokumentong ito ay naglalarawan ng ilang hindi pagtugma sa pagitan ng mga programa na tumutugon sa mga usaping pabahay at edukasyon at ang mga pamamaraang binuo ng mga pamilya at mga komunidad para makayanan ang dalawang aspetong ito ng kanilang mga buhay. Kasama sa pananaliksik ang ilang mga mungkahi na galing sa mga taong namumuhay sa kahirapan. Inilalarawan nila ang kanilang mga inaasahan na mabigyan ng pagkakataon na gamitin ang kanilang karanasan at mga kasanayan sa disenyo ng mga programa ito.

Isa sa mga kalahok sa mga grupong nanaliksik ay dating naninirahan kasama ng ibang mga pamilya na nagtayo ng pansamantalang tirahan sa tabi ng isa sa mga pangunahing kalsada sa Metro Manila. Sa panahong ito, bawat araw ay may *demolition squad* na dumarating at sapilitang pinapagiba ang mga tirahan kung saan nakatira ang kanyang pamilya at ang iba pa. Bawat gabi, tulad ng kanyang mga kapitbahay, itinatayo niyang muli ang tirahan para may matuluyan sa gabi. Ang komento ng lalaking ito ay angkop na buod ng layunin ng pag-aaral na ito: "*Dumarating sila para kami ay paalisin, pero kailanman ay hindi nila kami tinanong kung bakit kami nandito*" (2011, ATD Philippines).

Claude and Patricia HEYBERGER,
mga kinatawan ng Asia-Pacific Region
ng ATD Fourth World

PASASALAMAT

Ang pananaliksik na ito ay hindi magiging possible kung wala ang pagtitiwala, partisipasyon at suporta ng mga sumusunod na indibidwal at organisasyon:

SALAMAT!

STUDY GROUP SA KOMUNIDAD

BAYO Lydia, DAYO Rowena, DETONA Raul, DOCE Araceli, DOCE Cathy, FERNANDEZ Vilma, FUENTES Jennifer, HESITA Gloria, IGANO Charlene, JAMES Dina, JOHNSON Beth, LANZUELA Susan, LIBANAN Elena, MAGAT Marilou, LITANA Diana, MERCADO Lolita, MOLINA Vilma, PITO Rosalyn, REGALADO Susan, ROSETE Marcelina, SOLIMAN Rizalina, TIGLAO Lilian, TURALBA Margielyn, UY Imelda, VILLAROSA Tita

IBA PANG KALAHOK MULA SA KOMUNIDAD

ABAYARE Virginia, ACOPRA Meriam, ALCALA Christopher, ALTA Mila, AURELIO Norma, BRIGUEL Hilda, CABRERA Maribel, CANARY Remelinda, CARALOS Mary Jane, CARRACA Zenaida, CASANAS Rhea Rose, CASANAS Marietta, CASTANEDA Amalia, CORPUZ Rowena, CASTANEDA Mayeth, CRUZ Dolores, DELA PAZ Lucila, DELEON Alma, DETONA Nora, DOCE Romela, DOCE Roel, DUMAS Gloria, ECHAGUE Anna, ECHAGUE Menchie, ESTACIO Lolita, FLORES Delia, FLORES Rebecca, FORTIN Rilyn, FRANCISCO Josephine, GACUSAN Belen, GALLEGO Maria Fe, GUTIERREZ Lolita, HAPA Belen, IGANO Ryan, JUAN Alejandra, LANZUELA Rose Ann, LIGUTAN Flora, LITANA Benjie, LITANA Veronica, LOSOSO Judy Ann, LOZANO Anna Marie, LUCERO Gina, MARCOS Joan, MENDOZA Aida, MUSADA Sally, NARON Josephine, NERI Gloria, NERI Shiela, OBANEL Erlinda, OCO Nenita, PAGTALUNAN Marieta, PAILANAN Emilia, PALACIO Rachel, PANGILINAN Charito, PENARANDA Jennie, QUILALA Carmen, PRADO Joy, REGALADO Mary Jane, REYES Nelson, RIVERA Riza, RODECA Aprilyn, RONQUILLO Domenica, SAFRA Josephine, SALAS Melanie, SALAVER Rowelson, SANCHEZ Alma, SANTOS Lorena, SAPIANDANTE Elma, SOLIMAN Carmelita, SOLIMAN Grace, TABIANO Rosalinda, TIBIG Marie, TURALBA Luisito, VILLASIN Estrellita, VILLEGAS April Ann, WICO Mary Jane

MGA NAGBIGAY NG KANILANG KONTRIBUSYON SA PANANALIKSIK

ATD FOURTH WORLD (HEYBERGER Claude, HEYBERGER Patricia, LIM-YUSON Nina (ng Museo Pambata),
 TRAN Quyen
 FOUNDATION FOR GRASSROOTS STUDIES AND SOCIAL ACTION: MOSELINA Pol
 INSTITUTE FOR PHILIPPINE CULTURE: RACELIS Mary
 JOHN J. CARROLL INSTITUTE ON CHURCH AND SOCIAL ISSUES (JJCICSI): KARAOS Anna-Marie
 KAPATIRAN KAUNLARAN FOUNDATION, INC. (KKFI): CALUYA NICOLAS Nancy
 SISTERS OF THE GOOD NEWS: ROUQUET Sr. Anne
 UNICEF: AGCAOILI Grace, LOPEZ Anne, RODRIGUEZ Augusto
 URBAN POOR ASSOCIATES (UPA): LLOVIDO Marlon, MURPHY Denis, SUDUESTE Lucila

MGA KAIBIGAN AT VOLUNTEER NA TUMULONG AT SUMUPORTA SA PAGSUSULAT, DOKUMENTASYON, PAGSALIN, *PROOFREADING* AT KOMUNIKASYON

ANGELES Eliza, APULI Marlyn, BANCOLITA Anna, BELMONTE Christelle, BENITEZ Aissa, BLUMHARDT Hannah,
 CALAGUAS Yeng, COOPER Neneng, COYNE Brendan, CRUZ Michelle, CRUZ Tracy, DAVIES Matt, DAYAO Rex,
 DE JESUS Reymond, DELA PENA Pastor Sony, DIESTA Soc, DIEZ Cristina, DIRECTO Beth, ESPINELLI Ivy, GANAU
 Laurent, GODINOT Xavier, GONZALEZ Marla, GUNTZ Tristan, HENGESBAUGH Matthew, HUARACHI Susana,
 INTIA Perla, KAHN Sr Marie-Edmée, LARIN Bernie, LAURENT Anne-Sylvie, LEFEUVRE Hervé, LOH Johannes,
 LOPEZ Eric, MALFAIT Vanessa, MALFAIT Guy, MARTINEZ Rommel, OLIVAR Reina, ORCULLO Marjorie, ORCULLO
 Michael, RAMOS Johnson, RAMOS Med, RICANA Marie, PABILONIA Mari Jo, ROBERTSON Clive, RODRIGUEZ
 Cecile, SANTA ANA Filomeno, SANTA ANA Sana, SUGUE Gege, SINGSON Blooey, TADENA Arcelle, VALDEZ Mau,
 VIARD Thierry, WALKER Jennifer, YACAT Nilo, ZAJAC Tom

"Sino ang gusto ng ganitong klase ng buhay?

Nangangarap kami ng magandang buhay, kasama na doon ang pagkakaroon ng disentang tahanan at ganap na edukasyon para sa lahat.

Kumikilos kami para makapagpatuloy sa buhay pero hindi namin kayang gumawa nang higit pa kung kami-kami lang.

Kailangan namin ng suporta.

Gusto rin namin na makapag-ambag sa pag-unlad, na walang ibubukod na sinuman, na walang iiwanang sinuman.

Gusto namin na makipagtulungan bilang mga *ka-partner*. Ito ang paraan para ang dignidad at karapatan ng lahat ay respetuhin."

(Mga miyembro ng ATD study group)



BUOD

Alinsunod sa kanyang layuning paunlarin ang kamalayan ukol sa matinding kahirapan at humanap ng mga solusyong tutugon dito, isinagawa ng ATD-Philippines ang *Participatory Action Research* na ito sa pakikipagtulungan sa mga taong nabubuhay sa matinding kahirapan, *grassroots practitioners* at akademya. Ang Participatory Action Research na ito ay bahagi ng isang internasyonal na pananaliksik sa 12 bansa na naglayong suriin ang pagsulong at epekto ng Millennium Development Goals (MDGs) sa pagpapabuti ng kalidad ng pamumuhay ng mga taong nabubuhay sa matinding kahirapan. Naniniwala ang ATD na ang tuluyang pag-unlad ng lahat ay maaari lamang kapag ang mga taong nabubuhay sa matinding kahirapan ay itinuturing na katuwang at tagapagpaganap sa halip na tagapakinabang o *beneficiary* lamang.

Ang mga kalahok sa pananaliksik ay nagbigay ng mga rekomendasyon para sa mga lokal at pambansang patakaran, kabilang ang mga sumusunod:

1. **Huwag iwanan ang sinuman at garantiyahan ang suporta sa pinakamahinang mga pamilya. Lahat ng patakaran o aksyon ay dapat suriin sa kanilang epekto sa mga pinakamahihirap na grupo ng tinutukang populasyon.**
 - **Pabahay:** Kilalanin ang pagkukulang ng mga proyekto ng relokasyon upang mapabuti ang mga ito, matuto sa karanasan ng mga pamilya at komunidad na dumanas ng demolisyon at relokasyon, kabilang ang mga pananaw ng mga pamilyang bumalik sa lungsod.
 - **Edukasyon:** Bumuo ng tulong pinansiyal na di lamang batay sa husay sa paaralan upang masuportahan ang mga batang dumadaan sa matinding pagsubok at maiwasang di maisali ang may kahinaan sa pag-aaral.
2. **Suportahan ang epektibong paglahok ng mga taong nabubuhay sa kahirapan sa pagbuo ng mga programa at mga patakaran. Lumikha ng isang kapaligirang magtataguyod ng malaya at ganap na pagpapahayag para sa lahat ng kasangkot.**
 - **Pabahay:** Atasan ang mga *developer* na ipaalam sa mga pamilyang maaapektuhan ng demolisyon at relokasyon ang kanilang mga iminungkahing proyekto, at bigyan ang mga pamilyang ito ng

pagkakataong magbigay ng kanilang sariling panukala at kumontak ng NGO o iba pa na maaaring magpaliwanag ng kanilang mga karapatan at pagpipilian, at tumulong ayusin ang kanilang plano ng mga aksyon. Maaari nilang ipaabot ang kanilang panukala sa mga *developer* at talakayin ang isang solusyong mapagkakasunduan.

- **Edukasyon:** Himukin ang mga guro na palagiang makipag-ugnayan sa mga magulang (kabilang ang mga pagbisita sa bahay) at ituring sila bilang una at pinaka-importanteng guro ng mga bata.

3. Palakasin ang koordinasyon, habang humihikayat ng mga pamamaraang *holistic* at kasangkot ang lipunang pambayan o *civil society* hangga't maaari.

- **Pabahay:** Suportahan ang pag-oorganisa sa komunidad at pagyamanin ang pagkakaisa sa mga mahihirap na mga kapitbahayan at *relocation site*, halimbawa sa pamamagitan ng regular na mga pulong sa pagitan ng mga tao, iba pang stakeholder, pamahalaan at NGO.
- **Edukasyon:** Sa panahon ng pagsasanay, ang mga guro ay dapat mabigyan ng karagdagang oportunidad na maunawaan ang mga karanasan at pagsisikap ng mga pamilya, mga magulang at mga anak na dumaraan sa matinding problema.

4. Subaybayan ang pagpapatupad at epekto ng mga programa at patakaran sa mga nabubuhay sa matinding kahirapan.

- **Pabahay:** Pagbutihin ang pagpapatupad ng Urban Development and Housing Act (UDHA) ng 1992: "ang pamahalaang lokal, sa pakikipagtulungan sa National Housing Authority, ay dapat maglaan ng lugar para sa relokasyon na may mga pangunahing serbisyo at pasilidad at magbigay ng pagkakataon para makakuha ng trabaho at kabuhayang sapat upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga apektadong pamilya. "(Artikulo VI, Urban renewal at resettlement, Section 29, Resettlement)
- **Edukasyon:** Pagbutihin ang pagsubaybay sa mga paaralan, mga guro at mga samahan ng magulang at guro sa pagpapatupad ng mga regulasyon ng Kagawaran ng Edukasyon, halimbawa tungkol sa *bullying* at sa koleksyon ng mga bayad mula sa mga magulang.

Ang pananaliksik na ito ay nagbibigay ng pagkakataon para sa mga taong nabubuhay sa matinding kahirapan na maibahagi ang kanilang mga karanasan at kaalaman, at nakatulong ito upang mailarawan ang mga isyung kanilang kinakaharap at mga estratehiyang binuo nila para kayanin ang kanilang kalagayan. Ito ay nagbibigay ng malinaw na patotoo tungkol sa kawalan ng seguridad sa pabahay, trabaho, kita ng pamilya, pag-aaral at edukasyon para sa mga nabubuhay sa matinding kahirapan. Ito ay nagpapakita rin na maraming mga pamilya ang nagnanais na magkaroon ng boses tungkol sa edukasyon ng kanilang mga anak, sa kagalingan ng kanilang pamilya at sa komunidad.

Bukod dito, ang pagsusuri sa ilang programang pangkaunlaran at programang naglalayong bawasan ang kahirapan na ipinatupad ng Gobyerno at mga NGO sa mga komunidad ay nakatulong sa mga kalahok na matukoy ang mga pagkakataon at hamon ng mga programang ito. Ang pagtaguyod ng lugar para sa pag-uusap at pakikipagtulungan ay isang mahalagang hakbang, hindi lamang para sa *international post-2015 agenda*, ngunit para din sa mga *grassroot*, o naka-base sa komunidad, at pambansang patakaran at aksyon.





KAHALAGAHAN NG PANANALIKSIK

Ang mga pananaw ay nagmula sa 90 katao, edad 18 pataas, na ang mga pamilya ay nakakaranas ng matinding kahirapan sa Kalakhang Maynila. Kasama rin sa pananaliksik ang ilang ka-partner na mga lokal na organisasyon at mga indibidwal na nagtataguyod ng pagwawakas ng kahirapan.

Ang mga taong nakakaranas ng matinding kahirapan ay sumali sa lahat ng mga hakbang ng pag-aaral na ito: mula sa paglilinaw ng mga konsepto hanggang sa pagsusuri ng mga resulta.

Ang Pag-aaral na ito ay kasali sa isang internasyonal na pag-aaral na ginagawa sa 12 bansa: Belgium, Bolivia, Brazil, Burkina Faso, France, Haiti, Guatemala, Madagascar, Mauritius, Pilipinas, Peru at Poland. Ang mga napag-alaman ng internasyonal na pagsasaliksik na ito ay nailathala sa pagaaral na *“Challenge 2015: Tungo sa Matagalang pagunlad na kung saan ay walang sino man ang maiiwan”*. Para sa buong report, i-download online sa: bit.ly/ATDMDG.



Don

Para sa pag-aaruga, pagmamahal,
at pagmamahal,

Love,



ANO ANG AMING SINUNDANG PAMAMARAAN?

Itinanong namin ang mga sumusunod:

Pabahay:

Anu-anong mga kondisyon ang kinakailangan upang maging matagumpay ang mga programang pabahay ng pamahalaan o pribadong sektor para sa pinakamahihirap?

Edukasyon para sa lahat:

Anu-anong tulong ang kailangan upang makamit ang makabuluhan at matagumpay na edukasyon na magiging tulay sa marangal na hanapbuhay at maayos na pamumuhay lalo na ng mga pinakamahihirap?

Nagdaos kami ng mga *focus group discussion* (FGD) o pagpupulong kada buwan sa bahay ng ATD at sa aming mga pamayanan.

May 25 na miyembro ng komunidad ang sumali sa isang study group sa loob ng mahigit isang taon na:

- Nag-meeting kada buwan
- Nag-interview ng 14 pamilya sa limang komunidad at 10 kaanib na organisasyon
- Dumalaw sa pitong organisasyon at relocation sites
- Nag-survey ng may 54 na kabahayan sa apat na komunidad
- Binasa at sinuri ang mga opisyal na dokumento at kasulatan

Kami ay nag-*interview* at ibinahagi ang mga kaalaman at karanasan sa ibang mga *program designers* at *community workers*.

Apat na kinatawan ang lumahok sa dalawang seminar na isinagawa ng ATD International sa Europa noong Enero 2013.



ANG MGA MANANALIKSIK

Sino kami?

Nakatira kami sa apat na magkakaibang komunidad sa Metro Manila:

1. Sa isang pampublikong sementeryo: sa loob ng mga moseleo na may pahintulot ng may-ari; o sa barung-barong sa ibabaw ng mga nitso. Hindi kami natatakot sa mga multo. Saksi kami sa hindi na mabilang na mga libing at mga luha.
2. Sa ilalim ng tulay at ibabaw ng estero. Kailangan kaming maging malikhain at maparaan sa paggawa ng aming mga kuwarto. Kahit di natapos ng pag-aaral, para kaming mga arkitekto na nakakapagdisenyo ng bahay kung saan napagkakasya namin ang aming mga sarili at mga gamit sa makikitid at masisikip na espasyo sa ilalim ng tulay.
3. Sa isang maliit at inayos na lugar para sa *informal settlers*. Hindi magkasya sa mga gastusin ang aming kinikita sa isang araw pero may ilan sa amin ang kinakayang mangupahan;
4. Sa ilalim ng isa pang tulay at estero kung saan laging ginigiba ang aming bahay, kaya napipilitan kaming lumipat kung saan-saan, sa tabi-tabi.

Heto ang karaniwan naming trabaho:

- *Street vendor* o *mobile vendor*
- Tagapag-alaga ng mga nitso/mosoleo
- *Parking attendant*
- Labandera
- *Pedicab driver*
- *Tricycle driver*
- *Sari-sari store vendor*
- Masahista
- Nangangalakal

- Namamalimos
- Nagtitingi ng uling

Ang iba sa amin ay may regular o contractual na trabaho:

- *Construction worker*, karpintero, pintor
- Tindera sa *food-court*
- *Janitor*
- *Street sweeper*

Kumikita kami ng higit na mas mababa sa minimum wage

Karaniwan, kumikita kami ng mga Php190 kada araw samantalang ang minimum wage ay Php466 kada araw.

Ang ilan sa amin ay kumikita ng higit pa rito samantalang ang iba ay mas mababa pa. Sa aming komunidad, nakakaranas kami ng iba't-ibang sitwasyon ng kahirapan sa pera.


Karamihan sa amin ay sariling-kayod, na kung anu-ano lang ang pinagkakakitaan. Nakatira kami malapit sa aming mga pinagkakakitaan at ginagamit namin ang anumang kaalaman o karanasan namin. Ilan sa amin (mga 15%) ay may *contractual*, pansamantala o regular na trabaho.



MAYROON KAMING MGA PRIORIDAD at MGA ESTRATEHIYA SA BUHAY.

Sa napakaliit at panaka-nakang kita, hindi pwedeng gumastos basta-basta ang isang pamilya.

Ayon sa aming *survey*, ang mga prioridad ng mga pamilya sa komunidad ay ang mga sumusunod:



Nangangarap at naghahanap kami ng paraan para makaalis sa kahirapan

"Lagi nila kaming pinapaalis pero hindi man lang nila kami tinatanong kung bakit kami nandito."

(M. D., nakatira sa barong-barong sa may estero na ginigiba halos araw araw sa loob ng dalawang taon).

"Naging interesado ako sa study group kasi tungkol ito sa edukasyon at pabahay. Ito ang mga pangarap ko para sa mga apo ko. Gusto kong maghanap ng paraan, habang kaya ko pa at habang ako ay buhay pa, para makapagtapos sila sa kanilang pag-aaral. Ito ang magbibigay sa kanila ng mas maraming pagkakataon na makahanap ng disenteng trabaho."

(Ms. L., isang lolang nakatira sa sementeryo)

Hindi abot-kaya ang mangupahan

Mas mababa ang renta sa mga *informal settlement* at mas kaya naming bayaran ang posibleng koneksyon sa kuryente at tubig. Kaya mas may panggastos kami para sa pagkain, edukasyon, at kalusugan.

Tulong-tulong din kaming magkakamag-anak at magkakapitbahay sa panahon ng kagipitan.

May alok ang lungsod na iba't-ibang pwedeng pagkakitaan

Ang surbey ng aming *research* ay nakapaglista ng mahigit na 40 klase ng iba't-ibang pagkakakitaan o nakakatulong na mga gawain.

"Dito maaari akong magtinda ng mga sigarilyo, diyaryo, bottled water, mga kendi sa tabi ng highway. Alam kong may mga taong bibili".

(M. W, nakatira sa ilalim ng tulay)

Bakit nga ba kami nagsisiksikan sa ganitong uri ng mga tirahan?

Araw-araw kasi kaming nahaharap sa mga imposibleng pagpipilian:

- Pambili ng gamit sa paaralan o pambili ng pagkain?
- Pambayad sa meryenda ng mga anak o gamot ng asawang may sakit?
- Lumipat sa relocation site para lang magkaroon ng tinatawag na "tunay na bahay" o manatili rito kung saan may kabuhayan at *scholarship* para sa mga bata?

Walang katapusang pagpili ng mga imposible!





MANILA BULLETIN
THE NATION'S LEADING NEWSPAPER
atacahang rules out takeover of oil firms
Hillary's RP visit starts today
Talk with President Arroyo, dinner set at Palace

THE PHILIPPINE STAR
GMA, Ermita, Cebu leave Lakas-Kampi
Bong, Migz may no to Gibo
Hillary won't raise YEA review during visit

'Whistle-blowers should be spared'

INQUIRE

'Impeachment too late'

Together To Get There
10
2000-2008

MANILA BULLETIN
THE NATION'S LEADING NEWSPAPER

GMA, Ermita, Cebu leave Lakas-Kampi
Bong, Migz may no to Gibo
Hillary won't raise YEA review during visit
'Whistle-blowers should be spared'

BUY & SAVE
SHARE THE GIVEAWAYS



NARANASAN NAMIN ANG PALPAK NA RELOKASYON

Napadpad sa kung saan

“Sa araw ng demolisyon at relokasyon, wala man lang kaming ideya kung ano ang itsura ng relokasyon.”
(M. W, inilipat sa Bulacan noong 2006)

Pagsisimula sa wala o mula sa pinaka-mababa

“Batid namin na walang bahay kundi isang kapisasong lote lamang. Kinailangan naming linisan at alisin lahat ng mga damo upang makapagtayo ng bahay. Ibinigay sa amin ang unang pera para sa konstruksyon ng panimulang istruktura ng bahay at pagkatapos ang karagdagang pera para ipagpatuloy ang konstruksyon. Pero ang perang ito ay hindi ganoon kadalang ibinigay. Kinailangan din naming bumili ng pagkain mula sa pera na para sa konstruksyon ng bahay dahil walang makuhang trabaho ang asawa ko doon.”
(Ms. B., nakatira sa ilalim ng tulay)

Walang mapagkakakitaan

“Sinubukan kong magbenta ng sigarilyo, tubig at softdrinks, tulad ng ginagawa ko sa lungsod, pero walang highway doon. Ang dami kong sinubukang iba-ibang pagkakakitaan: nagbenta ng kung anu-ano; nagbenta ng tingi-tingi tulad ng sibuyas at bawang... Sinubukan ko ng mangolekta at magbenta ng mga bote at iba pang kalakal. Pero hindi iyon naging sapat.”
(M.D., bumalik mula sa Bulacan)

“Karamihan sa mga tao doon ay mahirap din; mahirap makahanap ng mga pamilya na magpapalaba o nangangailangan ng iba pang serbisyo! Tumira kami doon ng sampung taon. Nagtatrabaho sa Manila ang asawa ko at kumikita noon ng mga PHP200/araw. Kaya minsan lang sa isang linggo siya nakaka-uwi. Ang pamasaha ng isang tao ay Php70, one-way pa lang.”
(Ms. M., bumalik mula sa Bulacan)

Naapektuhan ang pag-aaral ng mga bata

“Noong nasa elementarya ang aking mga anak, malapit lamang ang eskuwelahan. Pero malayo ang high school, kailangan silang sumakay ng tricycle, at mga Php250 kada linggo ang gastos. Di namin kaya ang gastusing ito.”
(Ms. M., bumalik mula sa Bulacan)

Nadamay pati scholarship

“Kung ililipat namin ang aming mga anak sa relocation site, matitigil ang tinatanggap nilang scholarship sa Maynila. Alam namin na di namin kaya ang pagpapaaral kung walang scholarship. Kinailangan ng aking panganay na anak na bumalik sa Maynila kasama ang kaniyang tatay, para maipagpatuloy niya ang kaniyang pag-aaral. Ngunit ang iba kong anak ay kinailangang tumigil sa pag-aaral nang isang taon.”
(Ms. L., nakatira sa ilalim ng tulay)

Walang pagpipilian kundi bumalik sa lungsod

Sa kawalan ng pagpipilian, maraming pamilya ang kinailangang bumalik sa pagiging *informal settler* sa Maynila pero binansagan na silang ‘*professional squatters*’ gaya ng nakasulat sa batas.

“Noong 2009, nawalan ng trabaho ang mister ko. Wala na kaming makain. Binibigyan kami ng mga kapitbahay pero nakakahiya kaya bumalik kami dito sa ilalim ng tulay. Puwede na uli akong maglabada sa mga suki ko.”
(Ms. M., nakatira sa ilalim ng tulay)

“Sa kauna-unahang pagkakataon ng buhay ko, naghikahos kami; walang makain ang mga anak ko. Sinubukan namin pero talagang hindi kami mabubuhay doon.”
(Ms. L., bumalik mula sa Cabuyao)

“Para sa akin, hindi epektibo ang relokasyon lang. Doon na sana kami mananatili sa relokasyon kung mas kumpleto iyon: dapat may mga eskuwelahan na nilalakad lang, may mga scholarship na sumuporta sa aming mga pagsisikap, mga ospital at mapapasukang mga trabaho.”
(Ms. M., bumalik mula sa Bulacan)

‘NEAR-SITE’ O ‘ON-SITE’ NA RELOKASYON

Mas gusto namin sa malapit!

“Iniutos ng Pangulong Aquino ang pagpapatayo ng pabahay on-site or near-site, o sa malapit o nasa mismong lugar ng dating tirahan, para sa mga informal settlers na naninirahan sa mga daanan ng tubig sa Metro Manila. Ang Pangulong Aquino mismo ang nag-utos na ang lahat ng pamamaraang pang-relokasyon ng mga ahensya ng gobyerno ay dapat, bilang pangunahing prioridad, humahadlang sa pag-alis sa mga pamilya mula sa pinagkukunan nila ng kanilang ikinabubuhay at sa mga paaralan.”

(“Waterway squatters to be relocated on site”, Daily Inquirer, March 21, 2013)

Mga mungkahi para sa mas mapayapa at matagumpay na relokasyon

“Ang gusto namin ay iyong tunay na relokasyon: bahay at lupa na may humigit-kumulang 200 pesos kada buwan na bayarin. Sa pamamagitan nito, kahit papaano ay mayroon kaming matatawag na amin – para sa aming mga sarili, para sa aming mga anak at mga apo. Kahit na titira kami sa labas ng sementeryo, patuloy kaming magtatrabaho sa loob noon. Ang pagiging tagapag-alaga ng mga nitso ang aming ikinabubuhay kaya hindi kami puwedeng tumira malayo dito. Iyan ay napakahalagang punto para sa amin.”

(Mga miyembro ng komunidad na nakatira sa isang sementeryo)

“Dahil dito, nais naming imungkahi na:”

- Isali ang mga pamilya at mga komunidad bilang ka-*partner* sa proyekto at pakinabangan ang aming mga naging karanasan sa ebiksyon at relokasyon para mapabuti ang mga proyekto ng relokasyon.
- Ipakalat ang eksakto at kumpletong impormasyon tungkol sa kabuhayan at mga serbisyo sa iminungkahing mga lugar ng relokasyon.
- Ibigay sa amin na na-*relocate* ang tulong na kailangan namin – suportang pinansyal pati na rin ang presensya, pag-gabay at pag-agapay para masiguro na maipapagpatuloy namin ang pagkakaroon ng mga pangunahing serbisyo.

- Isaayos ang transportasyon para mapanatili ang mga pinagkakakitaang mayroon pa kami sa siyudad habang naghahanap pa kami at bumubuo pa ng bagong ikabubuhay sa lugar ng relokasyon.
- Makipag-ugnayan sa ilan sa amin na hindi sanay sa paglalakad ng mga papeles at bigyan kami ng regular na patnubay at suporta. Hikayatin kaming mag-ipon dahil ang halaga para sa mga kopya ng *birth certificate* o *no record* ng bawat miyembro ng pamilya, *police clearance* para sa pinuno ng pamilya, pamasaha, at iba pa ay umaabot ng higit pa sa 1,000 pesos. Ang laki ng halaga ng mga nasabing dokumento ay maaari ring pag-isipang muli ng administrasyon.
- Bumuo ng mga training at mga programang pangkabuhayan na angkop sa aming mga potensyal o umiiral na kaalaman at kakayahan at angkop din sa mga oportunidad sa lugar ng relokasyon.

Mabubuting kasanayan na dapat tularan

Maraming mga tao mula sa isang komunidad sa Tondo, Maynila, ang nabubuhay sa pamamagitan ng paggawa ng uling sa tradisyonal na pamamaraan, na nakakasama sa kalusugan at sa kapaligiran. Sa tulong ng isang NGO, pinili nila na ma-relocate sa Bulacan, 40 kilometro pahilaga ng Maynila, dala-dala din ang kanilang hanapbuhay ng pag-uuling. Doon, pinabuti nila ang pag-uuling sa pamamagitan ng paggamit ng *smokeless kilns* o pugon na walang usok. Ang sistemang ito ay nagbigay sa kanila ng mas malaking kita, kaya sila ay nakabili ng isang sasakyan na nagagamit nila at nakapagpagaan ng kanilang pagbyahe sa lungsod.

Ayon sa batas

Nakasaad sa Urban Development and Housing Act (UDHA) of 1992 na: *“Ang pamahalaang lokal, sa pakikipag-ugnayan sa National Housing Authority, ay magbibigay ng relokasyon o lugar ng pabahay na may kasamang mga pangunahing serbisyo at pasilidad at mga oportunidad para sa trabaho at kabuhayan na sapat upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga apektadong pamilya.”*

(UDHA, Article VI, Urban renewal and resettlement, Section 29, Resettlement)

chool

Barangay
Hall

SIMBAHAN

PUBS STATION





MGA KA-PARTNER SA RELOKASYON

May mga karanasan at kaalaman kaming maibabahagi.

Ano ang nangyari noon?

Sa pagitan ng taong 2000 at 2011, nakaranas kami ng mga demolisyon na may relokasyon man o wala. Hindi kami kasali sa pagpapasya.

“Sa panahon ng konsultasyon, wala silang binanggit tungkol sa pangkabuhayan. Mga opisyal lamang ng barangay ang nakasama sa pagbisita sa lugar na aming paglilipatan. Sinabi nila sa amin na maganda ang lugar at malapit sa eskwelahan. Pagdating na lamang namin doon saka namin nalaman na napakalayo ng lugar namin sa eskwelahan. Napeke kami. Hindi din man lang kami pinakitaan ng mga litrato o itsura ng lugar.”

(Ms. B., bumalik mula sa Cabuyao)

Ano ang nangyayari ngayon?

Noong 2012-2013, mas maraming miting para sa konsultasyon sa komunidad ang pinasimulan ng mga *project developer* pero:

- “Ang proyekto ay na-desisyunan at na-plano na. Kahit pa dumalo kami sa mga pag-uusap, napakahirap na mapakinggan ang boses namin; mas gusto nila na sumunod na lang kami sa gusto nilang mangyari.”
- Ang mga sagot ng mga *project developer* tungkol sa pangkabuhayan, paglilipat ng paaralan, mga pasilidad na pangkalusugan (tulad ng *health center* o ospital) pati na rin mga pagkakataon para sa *scholarship* ay bigo sa pagbigay ng kasiguruhan sa mga pamilya.
- Ang pagpapakalat ng mga mahahalagang impormasyon at mga dokumento ay kinakailangan pa ring maisaayos.

- Ang mga karanasan ng mga pamilyang “*returnees*” o nagbabalik sa kanilang dating tinirhan ay hindi gaanong binibigyang pansin.

Ang nasa batas

Kabilang sa karampatang konsultasyon ang pagbibigay-impormasyon tungkol sa:

- Pagpipilian sa alternatibong pabahay at kumprehensibong mga plano sa paglilipat;
- Sapat na oras para masuri ng lahat at makapagbigay ng mga puna o hinaing tungkol sa nasabing proyekto;
- Pagbibigay ng payo tungkol sa kanilang mga karapatan at pagpipilian;
- *Public hearings* o pampublikong pagdinig kung saan ang mga taong apektado ay magkakaroon ng karampatang tumutol o imungkahi ang mga alternatibong panukala , isaad ng tama ang kanilang mga pangangailangan at magiging prioridad sa pag-unlad.

Kung walang natugunan sa anumang panukala ng mga apektado, sinumang mayroong *constitutional authority*, katulad ng korte ng batas ay nararapat lamang na mamagitan.

(DILG Memorandum Circular 2011-182, Commission on Human Rights Advisory on the right to adequate housing and human treatment of informal settlers, point 9)

Mga mungkahi namin

- Sabihan kami ng mga ahensyang may hawak ng proyekto na hindi na kami puedeng mamalagi dito; makipagkita sila sa amin, sabihan nila kami ng iba’t ibang pwedeng pagpipilian, nang hindi ipinipilit sa amin ang proyekto
- Bigyan nila kami ng sapat na oras para mag-isip at makabuo ng sarili naming palagay at mungkahi.

- Sa mga panahon na iyon, pwede kaming makipag-ugnayan sa mga NGO, o sinumang mapagkakatiwalaan namin. Pwede nilang ipaalam sa amin ang aming mga karapatan, mga pagpipilian, at tulungan kaming bumuo ng aming *People's Plan*.
- Pagkatapos ng ilang buwan, makikipagpulong ulit kami sa mga ahensyang may hawak sa relokasyon.
- Ihaharap namin ang aming proyekto, ipiprisinta din nila sa amin ang kanilang proyekto at pag-uusapan namin ang mga iyon.

Nakakasiguro kami na ang presensya ng mga NGO na tumutulong sa amin ay malaking bahagi at siyang nagpapalakas sa amin. Sa mga lugar ng relokasyon, mahalagang suportahan ang pagbuo ng komunidad at hikayatin ang pagkakaisa, sa pamamagitan ng regular na pagpupulong ng mga

makakaranas ng relokasyon at sa iba pang *stakeholders*, maging sa gobyerno at sa *non-government*. Dapat mapag-usapan ang mga isyu ng pabahay, bigyang pansin at isali ang napakaraming aspeto ng aming mga buhay tulad ng kabuhatan, edukasyon, kalusugan, ugnayan sa komunidad at pati na rin ang aming mga karanasan sa pagtitiis sa napakahirap na mga sitwasyon.





Batang nahihirapang
magbasa.

Naranasan ko pong mahirap magbasa ng
madilim at mausok, kasi po wala po kaming koryente
dahil mahirap lang po kami, gamit lang po
namin ay kandila, kaya kailangan ko pong
magbasa dahil may exam po kami at kailangan
ko pong mag-aral ng mabuti para makatapos
po ako ng pag-aaral, kaya kahit madilim
tinitis ko na lang po kahit madilim at
mausok.

ANG KAWALANG-KATIYAKAN NG BUHAY AY NAGBABANTA SA KARAPATANG MAKATAPOS NG PAG-AARAL

Apektado ang karapatan ng mga bata sa maayos na edukasyon.

Sa kabila ng aming mga pagsisikap bilang mga magulang, ang pagtatapos at pagsasanay para sa aming mga anak ay nanatiling mababa.

Ang *survey* sa apat na komunidad ay nagpapakita na sa 54 sambahayan:

- 34% lamang na batang babae at 22% lamang na batang lalaki (na nasa tamang antas para sa kanilang edad) ang regular na pumapasok sa paaralan
- halos 45% na batang babae at 57% na batang lalaki ay talagang hindi na pumapasok sa paaralan.

Mga batang hindi rehistrado

- Ang ilan sa aming mga anak ay hindi dokumentado. Ang *late birth registration* ay komplikado, matagal at magastos.
- Ang mga batang hindi rehistrado ang kapanganakan ay humaharap sa mga problema sa pagkuha ng mga pagsusulit at mas kakaunti ang oportunidad na makakuha ng *scholarship*.

Usaping pabahay

- Hindi regular ang pinagkukunan ng tubig at kuryente, kaya hirap ang mga bata sa paghahanda na pumasok sa paaralan sa tamang oras o gumawa ng mga takdang-aralin sa bahay.

“Ako ay nakapag-aral sa tulong ng scholarship hanggang Grade 6 at kasama ako sa mga mapaparangalan o with honors. Noong mga panahon na iyon, naririnig ko sa mga nakakatanda na ang aming komunidad ay madi-demolish. Naisip ko: Sayang naman kung malilipat ako sa relocation site! Mababale-wala ang mga pagsisikap ko sa nakalipas na anim na taon para magkaroon ng matataas na marka. Nagdesisyon ang pamilya ko na huwag munang lumipat sa relocation site.”

(A.E., 18 taon, nakatira sa ilalim ng tulay)

Usaping pera

- Maraming mga bata ang hindi nakapasok sa kanilang mga klase kapag hindi sila nakakakain bago pumasok sa paaralan, o kung wala silang Php20 na baon na pambili ng meryenda, pamasaha o pambayad sa mga gastusin sa mga proyekto o kung hindi sila nakapaghanda ng uniporme sa tamang oras.



Usaping pangkabuhayan

- Kung minsan ang mga bata mismo ang kailangang mag-alaga sa kanilang mga kapatid habang ang kanilang mga magulang ay naghahanapbuhay.
- Kung minsan tumutulong din ang mga bata sa paghahanapbuhay na dahilan din kung bakit hindi sila palaging nakapasok sa paaralan.

NAIS NAMING MAKAPAG-ARAL ANG MGA BATA.

Hindi madali ang maibigay sa mga bata ang karapatan nilang makapag-aral at matuto.

Ang nilalaman ng programa ng eskuwelahan ay halos para sa pala-aral lamang at maaaring medyo malayo sa pangkaraniwang kaalaman, interes, buhay at pangangailangan ng mga estudyanteng lumaki sa matinding kahirapan:

"Ang bunso kong anak ay nasa 2nd year high-school. Mula pa noong isang taon, kinakailangan kong makipagtalos sa kanya tuwing umaga para lang siya mapabangon at para mahikayat siya na pumasok sa paaralan. Parang hindi siya interesado!"

(Ms. S.R., nakatira sa isang *informal settler's area*)

"Kapag ang magulang mismo ay hindi rin nakapag-aral, mas mahirap na matulungan nila ang kanilang mga anak. Ganito ang sitwasyon ng ilan sa aking mga kapitbahay, kaya tinutulungan ko sila."

(Ms. L., nakatira sa ilalim ng tulay)

"Ang aking anak na babae ay kailangang gumuhit ng mansanas. Ginawa nya itong kulay berde dahil dati na siyang nakakita ng mga berdeng mansanas. Pero gusto ng guro na pula ang gamitin nyang kulay."

(Ms. V. M., nakatira sa ilalim ng tulay)

"Ang mga bata ay may kahirapan sa pag-focus at takot sila na magkamali. Dahil sa hindi magandang karanasan sa mga pagpaparusa, ilang mga bata ang ninais na huwag nang sumubok ulit. Sasabihin na lang nila na hindi nila kaya o ayaw nila."

(Guy, ATD *full time volunteer*, ayon sa karanasan niya sa isang *literacy program* para sa mga batang *out-of-school*)

Mga mungkahi namin :

- Subukang itugma ang kurikulum ng paaralan at ng mga alternatibong programa ng pagaaral sa katayuan at sitwasyon ng mga mag-aaral. Subukang pagsamahin ang mga kaalamang galing sa aklat at kaalaman mula sa mga karanasan sa buhay.
- Maglunsad ng mga proyektong pang-edukasyon at pang-kultura sa aming mga komunidad na tumutugon sa mga interes, kaalaman at pang-unawa namin bilang mga magulang at pati na rin ng aming mga anak.
- Ang mga guro ng may angking talento, malikhain, at may puso para sa mga mag-aaral ay dapat ilagay sa lugar kung saan may pinakamaraming mag-aaral ang may kahirapan sa pag-aaral at suportahan sila ng lubos
- Magbigay ng karagdagang pagsasanay para sa mga guro kung saan mas maunawaan nila ang mga sitwasyon, karanasan at mga pagsusumikap ng mga batang nakararanas ng matinding kahirapan at na mas matugunan ng mga guro ang mga suliranin ng mga batang iyon tulad ng palagiang pagliban sa klase at kahinaan sa pag-aaral.



Bilang mga magulang, kami ang unang guro ng aming mga anak. Kaya, ang edukasyon ay hindi lamang tungkol sa pagpasok sa paaralan at paghahanda sa paghahanapbuhay.

"Ang edukasyon ay tungkol sa paggalang sa kapwa. Itinuturo na ito bago pa man pumasok ang bata sa paaralan. Mahirap na nga kami. Kung hindi pa kami marunong gumalang sa iba, ano na kami? Sa paaralan, higit na tinututukan ang pagbabasa at pagsusulat kaysa sa kung paano dapat kumilos at paano makitungo sa iba. Sa mga komunidad, kailangan ang mga positibong impluwensya para matulungan ang mga bata kung paano makisama sa iba at makipagkaibigan."

(Ms. B.H. and S.R., street library facilitators, nakatira sa isang informal settlers' area)



Learning is essential...

CRIANGAS DO



TUNGO SA PAGKAKAISA

Tulongan at kooperasyon ng mga mag-aaral, guro, pamunuan at magulang

"Nahihirapan ang anak ko sa English, paano sumagot o mag-report. Nahihiya siya. Mayroon siyang walong subject pero wala siyang marka sa mga ito. Kaya pinuntahan ko ang kaniyang guro, tapos binigyan niya ng marka ang anak ko sa apat na subject. Bukod pa rito, pinagtatawanan siya dahil sa apelyido namin. Dahil doon, nagsimula siyang hindi pumasok. Noong tumigil siya, nasabi lang ng guro niya: 'sayang', pero wala siyang ibang ginawa"
(Ms. B., nakatira sa ilalim ng tulay)

"Sabi ng anak kong babae, 'Ayokong pumasok ngayon kasi kailangan kong magdala ng apat na kahon ng floorwax at wala ako nu'n.' Kung minsan, pinapalo siya ng guro sa kamay kapag wala siyang dala. Kaya ngayon, natatakot na siyang pumasok."
(Ms D. nakatira sa isang *informal settlers' area*)

Ayon sa batas

Noong Setyembre 2013, nilagdaan ng Pangulo ng Pilipinas ang Republic Act (RA) 10627 o ang "*Anti-Bullying Act*", o batas laban sa pambu-"*bully*". Ayon sa batas, lahat ng paaralan sa elementarya at high school ay dapat pagtibayin ang mga patakaran na pigilan at lutasin ang bullying at pananakot sa kanilang mga institusyon. Ngunit base sa aming karanasan, dapat kasama dito ang proteksyon laban sa pambu-"*bully*" ng mga guro at ibang kawani mismo ng paaralan.

"Mayroon nang batas pero hindi pa iyon ipinapatupad. Sana hindi ito sa papel lang. Maraming magulang ang nagsabing mahirap magsumbong dahil sa takot na ang kanilang mga reklamo ay ibalik sa kanilang mga anak."
(Ms. V., nakatira sa sementeryo)

"Itinago ng aking mga kaklase ang mga lapis ko at pinagtawanan ako dahil hindi ako marunong bumasa. Hindi nila ako dapat asarin; sa halip, dapat turuan nila akong magbasa!"
(K, 9 na taong gulang, nakatira sa isang *informal settlers' area*)

Mga mungkahi namin:

- Hikayatin ang mga guro na regular na makipag-ugnayan sa mga magulang (kasama rin ang mga pagbisita sa bahay) at ituring kami bilang una at pinakaimportanteng tagapagturo ng aming mga anak.
- Padamihin ang mga *alternative learning programs* na nagtataguyod ng tama, magalang at patas na relasyon sa pagitan ng guro, mag-aaral, magulang at komunidad.
- Paigtingin ang pakikipagtulungan sa pagitan ng mga paaralan, barangay, mga NGO, mga magulang at iba pang kasapi ng komunidad.
- Palakasin ang loob at suportahan ang lahat ng uri ng organisasyon ng mga magulang sa mga paaralan para kaming lahat ay makaramdam ng pagtanggap, malaman namin ang aming mga karapatan at mga responsibilidad at makapagbigay kami ng aming makakaya para mapabuti ang kondisyon ng paaralan.
- Bumuo ng *learning programs* na naghihikayat ng pagsasama-sama ng mga mag-aaral mula sa iba't-ibang antas ng lipunan. Itanim sa kanilang isipan ang kahalagahan ng pagtutulongan sa pagitan ng mga nangunguna at mga nahuhuling mga mag-aaral.
- Pahalagahan at bigyang parangal ang bawat mag-aaral sa kani-kanilang natatanging talento at mga pagsusumikap.



TUNAY NA LIBRENG EDUKASYON

Itaguyod ang tunay na libreng pagpapaaral

Ang mga pampublikong paaralan ng elementary at high school ay libre ang matrikula pero ang ibang mga kaugnay na gastusin ay nananatiling pabigat para sa mga pamilyang napakababa ng kinikita.

“Sa eskwelahang pinapasukan ng aking anak, inu-obliga ang mga bata na bumili ng meryenda. At ayaw pumasok ng anak ko kapag wala siyang perang pambili ng meryenda. Sinamahan ko s’ya para kausapin ang guro at sabihing: ‘Hindi po kami mayaman. Labandera lang ako at ayaw ng anak kong pumasok kapag walang pera. Sabi ng guro: ‘Hindi ko alam ito.’ Ang sagot ko: ‘Dapat alam n’yo rin po ang kalagayan sa buhay ng mga mag-aaral ninyo. Pa’no na ‘yong mga magulang na walang lakas ng loob na gawin ito, iyong mga hindi alam kung paano makipag-usap?’” (Ms. M., nakatira sa ilalim ng tulay)

Makakatulong ang mga paaralan para mabawasan ang gastusin sa pag-aaral sa pamamagitan ng:

- Pagbutihin ang pagsubaybay sa mga paaralan, mga guro at mga parent-teacher associations (PTAs) sa pagpapatupad ng mga kautusan ng Department of Education. Ito ay ginawa para mabawasan ang pangungolekta ng mga pampublikong paaralan mula sa mga magulang para sa mga bayarin sa uniforms, meryenda, field trips, ‘tickets’, mga proyekto ng paaralan at ng klase, at mga seremonya ng graduation.
- Hikayatin ang mga guro at mga mag-aaral na gumamit ng mga mura at madaling hanaping materyales na pwedeng makuha sa paaralan ng (mga aklat, mga *computer*, *internet*) lalo na sa mga *homework* at mga gamit sa paaralan.

Dapat ialok ang *scholarships* sa lahat ng nangangailangan.

Sa aming pananaliksik sa may 54 sambahayan ng apat na komunidad, mabibilang mula 14% sa isang lugar hanggang 66% sa isa pang lugar ang mga kabataang nakatanggap ng *scholarship*. Mas maraming nagbibigay ng *scholarships* sa komunidad na ito.

Kadalasan, ang oportunidad na makakuha ng scholarship ay depende kung saan naninirahan ang mga tao at kung paano ipinapakalat ang impormasyon tungkol sa *scholarship*.

Sa mga nakalipas na taon, ilang pamilya ang nakaranas ng paghinto ng kanilang *scholarship* dahil sa paglipat nila sa *relocation sites* na malayo sa siyudad.



Mga mungkahi namin:

- Gawin na ang pagbibigay ng *scholarship* o *educational assistance* (mula sa LGU, DSWD, NGO, mga foundation etc.) ay maging para sa lahat ng mag-aaral mula sa mga pamilyang mabababa ang kinikita, kahit saan pa man sila nakatira at kahit ilan ang bilang ng mga batang nasa edad na para mag-aral sa kanilang pamilya.
- Huwag lamang ibatay sa talino at husay sa klase ang tulong na ibinibigay para naman maipagpatuloy ang pagsuporta sa mga batang dumaranas ng hirap at para maiwasan ang kompetisyon na humahantong sa pagkakabukod ng mga may kahirapan sa pagkatuto.
- Mas palaganapin sa mga paaralan, mga barangay ang impormasyon tungkol sa mga *scholarship*. Tulungan sa proseso ng pag-a-apply (sa *scholarship*) ang mga magulang na hindi nakapag-aral.

Ang mga matrikula para makapasok sa mga unibersidad at mga kolehiyo ay maaari ding pag-usapan para makapagbigay ng mas maraming pagkakataon na makapag-kolehiyo ang mga mahihirap na mag-aaral.





NAIS PA RIN NAMING MATUTO

Nais naming matuto, maging produktibo at mas maging kapaki-pakinabang.

Panghabangbuhay na Kaalaman

- Karamihan sa amin ay nakakatuntong sa paaralan, pero hindi namin kinakayang abutin ang *high school* o *college level* pero hindi kami sumusuko sa aming adhikain na patuloy na matuto.
- Ang mga programang pangkabuhayan at skills training na ibinibigay ng mga NGO, simbahan, ahensya ng gobyerno at institusyong pang-edukasyon ay mga karaniwang pagkakataon namin para matuto.
- 40% sa mga edad 16 taong gulang pataas na sinurbey sa isang komunidad ay nakasali na sa mga programang pangkabuhayan at *skills training*.

Mga mungkahi namin:

- Pahalagahan at kilalanin ng mga *training institutions* ang aming mga kakayahan at kaalaman na natutunan namin mula sa buhay at mga karanasan sa trabaho
- Bigyan ng pagkakataon ang mga hindi marunong magbasa at magsulat.
- Huwag gawing batayan ang pagtatapos sa *high school* o antas ng pag-aaral para makakuha ng *technical-vocational training*.
- Ang mga *skills at livelihood training* ay dapat maging madaling salihan, abot-kaya at, kung kinakailangan, may kaakibat na pantustos para sa pagkain, pamasaha o *day care* para sa mga bata.

Pagsasakatuparan

“Siyempre, pwede kang mag-training! Ang ating gobyerno ay gumagawa ng paraan para tulungan ang mga taong lumalaban sa kahirapan. Pero para mas mapabuti ang mga proyekto ng gobyerno, dapat hindi nila pabayaang ang mga taong ito hangga’t wala silang matinong trabaho. Ang paghahanap ng trabaho ay nananatili pa ring problema.

Halimbawa, pagkatapos ng training ng TESDA, dapat bibigyan ng mga referral ang mga tao at subaybayan sila hanggang sa kaya na nilang tustusan ang kanilang mga sarili.”

(M. W.D. nakatira sa ilalim ng tulay)

Pinasasalamatan namin ang mga *‘trainers’* na nakakapagtaguyod ng isang masaya, makatao, positibo, mahigpit pero mapag-unawang ugnayan sa mga *‘trainees’*: Itinataas nito ang pagkakataon ng tagumpay!

Kami ay interesado na mas maraming malaman tungkol sa edukasyon ng aming mga anak sa mga seminar na iminumungkahi ng mga nagbibigay ng *scholarship* at mga programa ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) at Modified Conditional Cash Transfer (MCCT) program. Nagpapasalamat kami sa “magalang na paggabay” na nagbibigay sa amin ng pagkakataong mapag-usapan ang tungkol sa aming mga sariling pagsisikap, mga karanasan, at mga kahirapan.

Ang tao ay hindi lamang dapat sa kabuhayan natututo.

Kami ay interesado ring magkaroon ng mga karaniwang kaalaman at kakayahan tulad ng : pagsasalita sa Ingles, paggamit ng *computer*, tamang pag-aalaga ng mga anak, kaalaman sa panglipunan at pampulitikang mga usapin, tamang pangangalaga sa kalusugan, atbp. Sa pamamagitan nito, pinapalakas namin ang kumpyansa namin sa sarili at lakas ng loob sa pakikihalubilo sa iba.

Ayon sa batas

“Upang magkaroon ng trabaho at pagkakakitaan ang mga na-relocate na pamilya, ang proyekto ng pagre-relocate ay dapat maging daan para sa mga pamilya na makinabang sa mga training at programang pangkabuhayan, sa pamamagitan ng matagalang pagpupulong at samahan ng mga mapagkukunan ng mga gawain.”

DILG Memorandum Circular n. 2011-182, in Section on Relocation, Point 6.

MGA HAKBANG TUNGO SA MAAASAHANG SUPORTA

Mga pagkakataon at hamon ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) at Modified Conditional Cash Transfer (MCCT) program.

Noong 2012-2013, marami sa amin ang nakasama sa Modified Conditional Cash Transfer (MCCT) program ng Department of Social Welfare and Development (DSWD).

Ibinahagi namin ang aming mga karanasan para pag-aralan ang programang ito na naghahangad na mapabuti ang pagkakaroon ng kalusugan, edukasyon, disentang pabahay at hanapbuhay. Natutunan namin na:

- Maaaring maglatag ang programang ito ng mga pundasyon para sa kumpleto at pangkalahatang proteksyon, para sa lahat ng pamilyang may pangangailangan.
- Ang mabisang pakikipagtulungan ng iba't-ibang ahensiya ang susi para makapagbahagi ang mga taga pakinabang o *beneficiaries* para sa pagpapabuti ng programa.

Subalit, may ilang bagay na dapat ipaabot sa mga kinauukulan:

- Ang magkaibang pagtrato sa mga pamilya na nakatira sa sementeryo at sa mga '*homeless families*' ay hindi nakatutulong sa pagpapalakas, pagkakaisa at kaligtasan ng mga komunidad at pamilya.
- Magastos at takaw-oras ang pagsunod sa mga patakaran at regulasyon ng programa.
- Hindi naipapaliwanag at naipaparating nang maayos sa mga tao ang mga impormasyon para mapabuti ang programa at para na rin mapanatili ang kaayusan nito.
- Nakababawas ng pagtitiwala ang madalas at hindi maipaliwanag na pagkaantala ng pagbibigay ng *cash grants*.
 - o Ang programa para sa pangungupahan ay mas mapagbubuti kung kasama kami sa pagpapalano;
 - o Ang programa ng MCCT-HSF (Homeless Street Families) ay nag-uutos sa amin na humanap

ng bahay na mauupahan ng hanggang Php3,000 kada buwan. Babayaran ng DSWD ang anim na buwang renta. Pagkatapos noon ay kami na ang magbabayad. Sinabi nila sa amin na magbibigay sila ng mga *livelihood training* para sa amin para makahanap kami ng trabaho pero ito ay hindi sapat para mabayaran namin ang renta sa bahay nang kami lang.

Kami ay nagpapasalamat at napansin ng gobyerno ang kondisyon ng pinakamahihirap na pamilya at gumagawa ng mga hakbang para mas maabot ang mga pamilya sa pamamagitan ng mga paraang may kaakibat na suporta at pagsubaybay ng lipunan.

Kami ay nagpapasalamat sa regular na presensya ng mga *social worker* sa lugar at ang kanilang suporta sa iba pang mga pamilya na nahihirapan.

Mahalaga ang mga paksang tinatalakay ng Family Development Session (FDS) ng MCCT ngunit may ilan kaming mungkahi:

- Sana talakayin din ang mga alternatibong paraan ng pagkakakitaan, naimungkahi at nasusubaybayan lalo na kapag pinagsasabihan ng mga *social worker* ang mga magulang na patigilin ang mga anak na mag-ambag sa kita ng pamilya.
- Ang mga nilalaman ng FDS ay dapat sumasalamín ng aming sitwasyon sa tunay na buhay at na ang FDS ay maglaan ng mabisang lugar para sa paguusap.
- Kilalanin ang kakulangan o *shortfall* ng programa kung hanggang tatlong anak lamang bawat pamilya ang binibigyan ng suporta ng programa.
- Tumataas ang gastusin sa bawat pag-angat ng baitang ng mag-aaral pero lumiliit ang mga pagkakataon na makatanggap ng suportang pinansyal.

WORKSHOP KASAMA ANG UNICEF

Workshop “*Ka-Partner sa Pag-unlad : Pakinggan ang Boses ng mga Pamilyang Namumuhay sa Matinding Kahirapan*”

(Isang *workshop* sa pakikipagtulungan sa UNICEF at Council for the Welfare of Children (CWC) – Oktubre 23, 2013 sa Museo Pambata, Manila).

Ibinahagi ng mga kinatawan ng ATD Philippines Study Group ang mga kinalabasan ng pag-aaral tungkol sa pabahay, edukasyon, pangangalagang panlipunan, at ang proseso ng pakikibahagi.

Ibinahagi naman ng mga kinatawan ng internasyunal na institusyon, ahensya ng gobyerno, *research institutes* at NGOs ang kanilang pananaw, kasanayan, mga pamamaraan at polisiya sa paglaban ng kahirapan.

Binigyang-diin ng lahat ng kalahok ang kahalagahan ng ganitong mga pagtitipon para matuto mula sa isa’t isa. Napagtanto nila na maaari nilang matulungan ang bawat isa para mapabuti ang mga polisiya at mga kasanayan tungkol sa kahirapan at mabawasan ang hindi pagkakapantay-pantay, at na kinakailangan ito upang makamit ang pangmatagalang pag-unlad para sa lahat.

“Ang datos mula sa kamakailang pag-aaral ng UNICEF ay nagpapakita na 5.9 milyong bata sa ating bansa ay nabubuhay sa matinding kahirapan; sa bawat batang pumapasok ng Grade 1, 75% lamang sa kanila ang nakakapagtapos o nakakarating ng Grade 6. 1.4 milyong bata ang naninirahan sa informal settlement; marami ang walang napagkukunan ng malinis na tubig, kuryente, palikuran at impormasyon...Gusto naming matagpuan ang mga solusyon, lalong higit sa mga komunidad.”

Augusto Rodriguez, Chief of Social Policy, UNICEF

“Iyong hinihiling ninyo (na pabahay) ay iyong ipinaguutos na ng batas. Ang problema ay nasa pagpapatupad. Ang talagang mahalaga at kinakailangan pa ay kung magagawa natin na makilahok ang lahat. At iyang hinihiling ng lahat ay siyang magpupuwera sa amin na gawin namin ang siyang dapat naming ginagawa.”

Francisco L. Fernandez, Undersecretary of DILG



"Bahagi ng aming trabaho sa National Anti-Poverty Commission (NAPC) na ang mga pangako sa mga sektor ng mahihirap ay mas maipalam at mas maging pormal (...) at ang iba't ibang ahensya ay baguhin ang istilo ng pagtatrabaho batay sa mga testimoniya at mga pahayag na tulad ng mga ito."

Jude H. Esguerra III, Undersecretary, NAPC

"May tinitingnan tayong mga pagbabago [sa mga programa ng MCCT] para masiguro na iyong mga hindi nakasali ay maipasok natin dito. Pero inaamin po namin na may kakulangan sa pagpapatupad ng programang ito. Kaya hinihikayat at pinasasalamatan namin ang mga hakbang na ganito para mas magabayan pa ang paraan ng pagdidisenyo ng mga programa. Maraming kailangang baguhin at bukas kami sa talakayan para mapaunlad pa ang aming ginagawa, at makipagtulungan.."

Rhodora Toralde Babaran, National Program Manager, 4Ps Program, DSWD

"[Tungkol sa Anti-bullying Act] Basta may kasalanan, kahit pa siya ay guro o principal, may kaukulang parusa na ipapataw. Ang DepEd ang naatasang ipatupad ang mga patakaran at alituntunin ukol dito. Makakaasa kayo na anumang napag-usapan natin dito ay pag-uusapan namin doon (sa DepEd)."

Marilette R. Almayda, Director, Bureau of Elementary Education, DepEd

"Sana ang karagdagang budget na inilaan para sa DepEd ay gugulin sa alternative learning system(ALS) para maabot ang mas maraming kabataang hindi nag-aaral o out-of-school (OSY). Ang civil society at mga NGO ay hindi kasapi sa lokal na konseho o lupon ng mga paaralan na may kakaunti impormasyon lamang tungkol sa mga out-of-school youth sa kanilang lugar."

Raquel Castillo, Education Network E-NET

"Ang bahay ay buhay". Dapat ay maging mas masigasig tayo, maging mas maayos, maging mas pursigido ng may saysay."

Jose Morales, President, Urban Poor Alliance

Sana ay magkaroon pa ng maraming pagkakataon na mapag-usapan ang tungkol sa kahirapan kasama ang mga mahihirap. Hikayatin natin ang mas marami pang tao na makiisa sa pagtupad ng ating hangarin – ang wakasan ang kahirapan. Lahat tayo ay makikinabang dito.

M. D., kinatawan ng ATD study group



OCT 17
INTERNATIONAL DAY
TO OVERCOME
EXTREME POVERTY

KA PARTNER
PAKINGAN ANG BOSES
NANIMUHAY
SI MATH



“Hindi kami titigil sa pagsusumikap na palayain ang aming kapwa, lalaki, babae at mga bata sa sukdulan at hindi makataong kalagayan ng matinding kahirapan. Kami ay nangangako na makamit ng lahat ng tao ang karapatan sa pag-unlad at palayain ang buong sangkatauhan mula sa kasalatan.”

Millennium Declaration, UN, 2000



Supported by

